Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Sa mga: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya
Sa iba pang kinauukulan

Paksa: **PANSANGAY NA PAGBUO NG BANGHAY-ARALIN UNANG TERMINO-IKATLONG TERMINO (ILAW FRAMEWORK)**

Date: 2 Hunyo, 2026

---

1. Bilang pagsunod sa adhikain ng Kagawaran ng Edukasyon na tiyakin ang mataas na kalidad at kaugnayan ng pagtuturo-pagkatuto, at bilang pagpapatupad ng Batas Republika 10533, na kilala rin bilang *"Batas ng K to 10 Program ng Pagpapaunlad ng Kalidad ng Edukasyon,"* isasagawa ng Tanggapang Pansangay ang paghahanda at pagbubuo ng banghay-aralin mula Baitang 1 hanggang 5 sa elementarya at Baitang 7 at 8 sa sekundarya na nakaangkla sa Intentions, Learning Experience, Assessment and Ways Forward (ILAW) Format.

2. Sa ilalim ng Binagong K-10 Kurikulum, ang pagpaplano ng aralin ay nananatiling pundasyon ng epektibong pagtuturo. Kaugnay nito, ang mga guro sa elementarya at sekundarya (11 kada baitang) ay inaatasang bumuo ng ILAW Format na banghay-aralin. Ang format na ito ay binuo upang maging mas malinaw, simple, at nakatuon sa paglinang ng mga kasanayan at kaalaman na inaasahang matutuhan ng mga mag-aaral, na naaayon sa mga pamantayang itinakda ng kurikulum.

3. Magsasagawa ng birtuwal na oryentasyon sa mga kasangkot bilang panimulang gawain.

4. Ang pagsasagawa ng pagsulat ay magsisimula sa ikaapat ng hapon at kasunod pang oras.

5. Ang mga guro ay tatanggap ng Vacation Service Credits alinsunod sa DepEd Order No. 013, s. 2024, "Revised Guidelines on the Grant of Service Credits for Teachers".

DepED BAGONG PILIPINAS
Address: Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
Website: https://bulacandeped.com
Email: bulacan@deped.gov.ph

6. Ang liham na ito ay magsisilbing Liham Pahintulot sa Paglalakbay ng mga dadalo sa mga gawain lalo na sa panahon ng harapang pagpupulong at balidasyon ng mga awtput.

7. Ang gastusin sa paglalakbay/transportasyon ay maaaring kuhanin sa School Maintenance and Other Operating Expenses (MOOE) o iba pang lokal na pondo alinsunod sa karaniwang mga tuntunin at regulasyon sa pagtutuos at pag-awdit.

8. Para sa kabatiran, gabay at kaukulang pagtalima.

**CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
BLG. 053 S. 2026